# <u>Pagpasok Nang Walang Pahintulot</u>

## Ano ang kriminal na pagpasok nang walang pahintulot?

Ang kriminal na pagpasok nang walang pahintulot ay nangyayari kapag ang mga tao ay nasa isang pag-aari na hindi niya dapat kinaroroonan, o maaari itong mangyari kapag nilabag ng mga tao ang mga kondisyon sa pagpasok sa isang pag-aari. Ang mga kondisyon sa pagpasok ay ang mga patakaran at kondisyon sa kung sinu-sino sa pangkalahatang publiko ang maaaring pumasok sa isa pribadong pag-aari.

## Ano ang Unang Antas ng Kriminal na Pagpasok Nang Walang Pahintulot?

"Ang isang tao ay napatunayang nagkasala ng kriminal na pagpasok nang walang pahintulot sa unang antas kung sinadya niyang pumasok o manatili sa isang *gusali* nang labag sa batas."SMC 12A.08.040.A.1 (Binigyang-diin.)

"Ang kriminal na  pagpasok nang walang pahintulot sa unang antas ay isang gross misdemeanor (lubhang maliit na pagkakasala)."SMC 12A.08.040.A.2. Ang pinakamabigat na parusa ay 364 araw na pagkabilanggo at multang $5,000.

## Ano ang Ikalawang Antas ng Kriminal na Pagpasok Nang Walang Pahintulot?

"Ang isang tao ay napatunayang nagkasala ng kriminal na  pagpasok nang walang pahintulot sa ikalawang antas kung sinadya niyang pumasok o manatili sa *looban* ng iba sa ilalim ng mga kalagayan na hindi tumutukoy sa kriminal na  pagpasok nang walang pahintulot sa unang antas."SMC 12A.08.040.B.1 (Binigyang-diin.)

Ang kriminal na  pagpasok nang walang pahintulot sa ikalawang antas ay isang misdemeanor (maliit na pagkakasala). SMC 12A.08.040.B.2. Ang pinakamabigat na parusa ay 90 araw na pagkabilanggo at multang $1,000.

## Anu-ano ang mga positibong depensa sa kriminal na pagpasok nang walang pahintulot?

Sinasaad ng SMC 12A.08.040.C na:

> Sa anumang pagsasakdal sa ilalim ng SMC 12A.08.040 A o B, isang positibong depensa na:

1. Ang gusaling nasasangkot sa paglabag sa ilalim ng Section 12A.08.040 A ay abandonado; o

2. Ang looban nang panahong iyon ay bukas para sa publiko at ang nasasakdal ay nakatugon sa lahat ng ayon sa batas na mga kondisyon na ipinatutupad sa pagpunta o pananatili sa looban; o

3. Ang nasasakdal ay makatwirang naniniwala na ang may-ari ng looban o ang taong binigyang kapangyarihan na magpahintulot sa pagpasok doon, ay nagbigay pahintulot sa kanya na pumasok o manatili; o

4. Sinusubukan ng nasasakdal na maghatid ng legal na proseso, kabilang na ang anumang dokumentong hinihiling o pinapayagan na ihatid sa mga tao o pag-aari ng anumang batas, panuntunan, ordinansa, regulasyon, o utos ng hukuman, hindi kasama ang paghahatid ng mga sulat ng Estados Unidos. Ang depensang ito ay iiral lamang kung ang nasasakdal ay hindi pumasok sa pribadong tirahan o iba pang gusali na hindi bukas para sa publiko at ang pagpasok sa looban ay makatwiran at kailangan para sa paghahatid ng legal na proseso.

**Anu-ano ang mga karaniwang kondisyon sa pagpasok para sa komersiyal na pag-aari?**

Ang mga kondisyon sa pagpasok ay ang mga patakaran at kondisyon kung sinu-sinong miyembro ng pangkalahatang publiko ang maaaring pumasok sa karamihan ng mga komersiyal na pag-aari. Kabilang sa mga patakaran at kondisyong ito ang:

- Dapat na isang mamimili o kliyente;
- Dapat na walang nilalabag na batas ng Seattle Municipal Code o Revised Code of Washington; at
- Dapat na pumasok sa oras ng negosyo.

**Ano ang mangyayari sa isa na lumalabag sa mga kondisyon sa pagpasok?**

Ang mga indibidwal na nakatanggap ng paunawa sa mga kondisyon sa pagpasok, ito man ay sa pamamagitan ng karatula, sulat o sinambit mula sa isa na may awtoridad na kontrolin ang mga kondisyon sa pagpasok, at kasunod nito ay lumabag sa mga kondisyong iyon sa pagpasok ay maaaring arestuhin sa kasong kriminal na pagpasok nang walang pahintulot. Gayunman, karaniwan na, ang mga

lumabag ay binabalaan sa unang pagkakataon na nilabag nila ang mga kondisyon sa pagpasok o na binawi ang pribilehiyo nila na pumasok sa pag-aari, at binibigyan sila ng pagkakataong umalis bago sila maaresto. Kapag patuloy nilang lalabagin ang mga kondisyon sa pagpasok o tumangging umalis kapag sinabihan, maaari silang arestuhin sa kasong kriminal na pagpasok nang walang pahintulot.

## Contract Trespass Program

### Ano ang Contract Trespass Program?

Ang City Attorney's Office ng Seattle at Seattle Police Department, kasama ang Racial Disparity Project, ay bumuo ng mga bagong protokol upang tugunan ang mga problema sa pagpasok nang walang pahintulot na kinakaharap ng kumunidad. Ang Contract Trespass Program ay isang kasunduan sa pagitan ng mga may-ari ng pribadong pag-aari, mga negosyo at ng departamento ng pulisya upang kontrolin ang mga kondisyon sa pagpasok sa pribadong pag-aari.

Maaaring kasama dito ang ganap na pagbabawal sa mga tao na pumasok sa pag-aari, o maaaring magsangkot ito ng pagpapahintulot sa mga tao na pumasok sa pag-aari sa ilalim lamang ng ilang kondisyon. Ang mga kalagayan na maaaring ipatupad sa pamamagitan ng Contract Trespass Program ay nakatala sa mga kasunduan at ipinaskil sa mga looban. Sa pamamagitan ng paglagda sa kontrata sa departamento ng pulisya, sumasang-ayon ang mga may-ari ng pag-aari na pahintulutan ang mga opisyal ng pulisya na babalaan at saka arestuhin ang mga tao na patuloy na lumalabag sa mga kondisyon kapag wala ang mga may-ari.

### Maaari bang mag-sign up ang mga pribadong tahanan na maging bahagi ng Contract Trespass Program?

Hindi, ang mga pribadong tahanan at mga multi-family housing unit ay hindi kuwalipikado para sa Contract Trespass Program, maliban kung bakante ang mga ito. Ang mga pag-aari na bukas para sa pangkalahatang publiko ay maaaring sumali sa Contract Trespass Program.

**Ano ang pananagutan ng may-ari ng pag-aari sa ilalim ng trespass program?**

Ang mga may-ari ay maraming pananagutan na nakabalangkas sa kasunduan. Kapansin-pansin, ang mga may-ari ay dapat na magpaskil ng karatula na nagbibigay-alam sa publiko tungkol sa kondisyon sa pagpasok sa kanilang pag-aari, at dapat silang makipagtulungan sa pagsasakdal sa mga inakusahan ng kriminal na pagpasok nang walang pahintulot o iba pang krimen. Ang lokasyon ng karatula at ang mga babala nito ay maaaring maging napakahalaga sa matagumpay na pagsasakdal. Hinihimok ang mga may-ari ng pag-aari na makipagtulungan sa mga opisyal ng SPD at sa Precinct Liaison Attorney upang matiyak na nalagyan ng angkop na karatula ang kanilang mga pag-aari.

**Paano ako magsa-sign up para sa Contract Trespass Program?**

Ang mga may-ari ay dapat na makipag-ugnayan sa presinto ng pulis upang makakuha ng trespass authorization form. Maaari itong gawin alinman sa personal na pagpunta sa presinto o sa pamamagitan ng email. Maaaari mong iderekta ang lahat ng katanungan tungkol sa programang ito sa mga sumusunod na email address:

NPrecinctTrespassProgram@seattle.gov

WPrecinctTrespassProgram@seattle.gov

SPrecinctTrespassProgram@seattle.gov

SWPrecinctTrespassProgram@seattle.gov

EPrecinctTrespassProgram@seattle.gov

**Sinu-sino ang maaaring magbigay ng babala sa ilalim ngContract Trespass Program?**

Para sa mga pag-aari na nasailalim sa Contract Trespass Program, ang isang opisyal ng departamento ng pulisya, o isang kinatawan ng may-ari ng pag-aari o umuupa na may awtoridad na kontrolin ang mga kondisyon sa pagpasok ay maaaring magbabala sa mga indibidwal na nilabag nila ang mga kondisyon sa pagpasok at anumang paglabag sa hinaharap ay maaaring magresulta ng pagkaaresto. Kapag ang may-ari ng pribadong pag-aari o nangungupahan ang nagbigay-alam sa indibidwal tungkol sa mga kondisyon sa pagpasok o bumawi sa pribilehiyo ng indibidwal na pumasok sa pag-aari, ang may-aring iyon ng

pribadong pag-aari o nangungupahan ay dapat na makipagtulungan sa pagsasakdal sa kaso ng kriminal na pagpasok nang walang pahintulot.

**Napapaso ba ang mga babala sa pagpasok nang walang pahintulot?**

Hindi, kapag inabisuhan na ang isa tungkol sa mga kondisyon sa pagpasok at nababalaan na tungkol sa mga kondisyong iyon, ang babala ay hindi napapaso.

**Ang mga may-ari ba ng pag-aari na nasa ilalim ng Contract Trespass Program ay maaari pa rin magbawal sa mga indibidwal na pumasok sa kanilang pag-aari?**

Oo, lahat ng batas sa kriminal na pagpasok nang walang pahintulot ay mananatiling may-bisa at maaari pa rin pagbawalan ang isang tao na pumasok sa kanilang pag-aari gaano man kahabang panahon nila naisin. Ang isa na may awtoridad na magpaliwanag sa mga kondisyon sa pagpasok o bumawi sa pribilehiyo sa pagpasok sa pag-aari ay dapat na tumestigo sa korte na binawi niya ang mga pribilehiyo ng taong iyon na pumasok sa pag-aari at na tumanggi ang taong iyon na umalis o bumalik ito sa pag-aari. Hinihimok ang mga may-ari ng pag-aari na mag-ingat ng detalyadong mga rekord ng kanilang interaksiyon sa pumasok nang walang pahintulot sa kanilang pag-aari, lalo na kung pinagbawalan nilang pumasok ang indibidwal.

**Maaari bang magbigay ng mga babala sa pagpasok nang walang pahintulot ang mga may-ari ng pribadong pag-aari na hindi kasali sa Contract Trespass Program?**

Ang mga may-ari ng pribadong pag-aari na hindi kasali sa Contract Trespass Program ay maaaring bumuo ng sarili nilang mga protokol upang kontrolin ang mga kondisyon sa pagpasok sa kanilang pag-aari. Para sa matagumpay na pagsasakdal, ang isa na may awtoridad na kumontrol sa mga kondisyon sa pagpasok at bumawi sa pribilehiyo na pumasok sa pag-aari ay dapat na tumestigo na (1) alam ng tao at dapat na nalaman niya ang mga kondisyon sa pagpasok, (2) nilabag ng tao ang mga kondisyon sa pagpasok o binawi ang pribilehiyo nila na

pumasok sa pag-aari, at (3) tumanggi ang taong iyon na ihinto ang ginagawang labag sa batas o umalis o bumalik sila sa pag-aari makaraang binawi na ang kanilang mga pribilehiyo. Hinihimok ang mga may-ari ng pag-aari na mag-ingat ng detalyadong mga rekord ng mga interaksiyon sa mga nanghimasok sa kanilang pag-aari.

**Maaari bang arestuhin ng mga pulis ang mga lumalabag sa batas na binabalaan ng mga may-ari ng pag-aari na wala sa ilalim ng Contract Trespass Program?**

Oo, lahat ng batas sa kriminal na pagpasok nang walang pahintulot ay mananatili. May pagpapasiya ang mga pulis na arestuhin ang mga lumalabag sa batas sa kasong kriminal na pagpasok nang walang pahintulot sa anumang pag-aari kung mayroong nakikipagtulungan at beripikadong nagrereklamo, kabilang na ang mga pag-aari na hindi nasasailalim sa trespass program.

**Anu-anong mga kaso ang maaaring isampa sa mga lumalabag sa trespass program?**

Kriminal na pagpasok nang walang pahintulot Unang Antas (sa loob ng gusali) – malubhang pagkakasala; pinakamabigat na parusa: 364 araw na pagkakabilanggo at multang $5,000.

Kriminal na pagpasok nang walang pahintulot Ikalawang Antas (sa labas ng gusali) – maliit na pagkakasala; pinakamabigat na parusa: 90 araw na pagkakabilanggo at multang $1,000.

**Binabago ba ng trespass program na ito ang anumang umiiral na mga batas sa kriminal na pagpasok nang walang pahintulot?**

Hindi, ang Contract Trespass Program ay hindi kapalit ng nakatakdang batas. Maaaring mang-aresto ang mga pulis dahil sa paglabag sa SMC 12A.08.040 (Kriminal na pagpasok nang walang pahintulot) sa anumang pribadong pag-aari anuman ang kasunduan sa babala sa pagpasok nang walang pahintulot kung ang isa na may awtoridad na magtakda ng mga patakaran sa pagpasok o bumawi sa pribilehiyo sa pagpasok sa pag-aari ay una nang nagbabala sa indibidwal tungkol sa paglabag sa  pagpasok nang walang pahintulot at tetestigo bilang saksi.

## Parks Trespass Program

### Ano ang Parks Trespass Program?

Ang Parks Trespass Program ng Lungsod ay katulad ng Contract Trespass Program. Pinagtibay ng Parks Department ang mga alituntunin sa paggawi para sa mga parke sa Lungsod at ipinaskil ang mga ito sa ilang mga parke. Ipapaliwanag ng Seattle Police Department, mga Park Ranger at iba pang itinalaga ng superintendent ng mga Parke ang mga kondisyon sa pagpasok at maglalabas ng mga babala sa kriminal na pagpasok nang walang pahintulot sa sinumang indibidwal na lumalabag sa Park Rule (Alituntunin ng Parke), iba pang lokal na batas, o batas ng estado.

Karagdagan pa, ang mga Park Ranger ay maaaring sumulat ng mga pagsipi para sa mga partikular na paglabag sa mga Park Rule, at ang mga opisyal ng pulisya ay maaaring sumulat ng mga sibil na pagsipi para sa paglabag sa Municipal Code ng Seattle o Revised Code of Washington o mang-aresto ng mga tao dahil sa gawaing kriminal.

### Ang Parks Trespass Program ba ay iiral sa lahat ng pag-aari ng mga Parke?

Oo, ang Parks Trespass Program ay iiral sa lahat ng pag-aari ng mga Parke.

### Napapaso ba ang babala sa pagpasok nang walang pahintulot sa mga Parke?

Hindi, hindi napapaso ang mga babala sa pagpasok nang walang pahintulot sa mga Parke.

### Ano ang nangyayari sa isang indibidwal na lumalabag sa Park Rule makaraang bigyang-babala sa kriminal na pagpasok nang walang pahintulot?

Kung nakatanggap ang isang tao ng babala sa pagpasok nang walang pahintulot at tumangging umalis o tumigil sa labag sa batas na paggawi o bumalik sa anumang pag-aari ng parke at nilalabag ang iba pang angkop na mga tuntunin o batas, ang tao ay maaaring arestuhin sa kasong kriminal na pagpasok nang walang pahintulot.

### Paanong ang isang tao ay mapagbabawalang pumunta sa isang Parke?

Mga pagbabawal ng Park Ranger at Opisyal ng Pulisya na pumunta sa Parke:

Kung ang isang paggawi na naging dahilan ng babala sa pagpasok nang walang pahintulot ay lumikha ng seryosong panganib ng pinsala sa tao o pinsala sa pag-aari, ang tao ay maaaring paalisin at pagbawalan na pumunta sa parke para sa nalalabing bahagi ng araw.

Kung ang paggawi ay nagsasangkot ng mabigat napagkakasala o paglabag sa pagtataglay ng armas, ang tao ay pagbabawalang pumunta sa pag-aari ng Parke ng hanggang isang taon.

Utos ng Korte na Pagbabawal:

Sa panahon ng kriminal na pagsasakdal, hihilingin ng Tanggapan ng Abogado ng Lungsod na ipatupad ang No Contact Order sa isang partikular na parke o sa maraming parke. Ang No Contact Order ay magkakabisa:

- Kapag naakusahan ang taong iyon;
- Bilang kondisyon sa pagpapalaya sa bilangguan habang hinihintay ang pagtapos sa kasong kriminal; o
- Sa paghatol, bilang bahagi ng hatol o ng kondisyon ng probasyon.

**Ano ang mangyayari sa isang indibidwal na pumasok o nanatili sa isang parke pagkatapos na paalisin sa panahon ng pagbabawal?**

Maliban sa protektadong paghayag sa First Amendment, ang sinumang indibidwal na pumasok o manatili sa isang parke kung saan una na siyang pinagbawalang pumunta ay maaaring arestuhin at litisin sa kasong kriminal na pagpasok nang walang pahintulot.